

Paano makakakuha ng transportasyon sa iyong mga appointment sa pagpapabakuna sa COVID-19

Pangkalahatang Ideya

Kung mayroon kang Apple Health (Medicaid) at nangangailangan ka ng tulong sa pagkuha ng mga appointment sa pangangalagang pangkalusugan, sasagutin ng Health Care Authority (HCA, Awtoridad sa Pangangalagang Pangkalusugan) ang iyong transportasyon. Maaari mong gamitin ang serbisyong ito para sa mga hindi emergency na medikal na appointment tulad ng pagpapabakuna sa COVID-19.

Paano humingi ng tulong sa transportasyon

Tumawag sa broker ng transportasyon ng iyong county (tignan ang listahan ng paraan ng pakikipag-ugnay sa broker sa pahina 2). Susuriin ng broker kung kwalipikado ka at ihahanda ang transportasyong natutugunan ang mga pangangailangan mo sa pagkilos. Kung hindi ka kwalipikado para sa serbisyong ito, ituturo ka ng broker sa iba pang mga lokal na mapagkukunan.

Mangyaring ihanda ang mga sumusunod na impormasyon kapag tatawag ka:

- Ang iyong kard para sa mga serbisyo ng ProviderOne
- Ang buong address kung saan ka susunduin
- Ang lokasyon ng iyong appointment sa pagpapabakuna
- Ang pangalan at numero ng telepono ng iyong medikal na provider (hindi mo kailangan ang impormasyong ito kung kailangan mo ng transportasyon papunta sa lugar ng maramihang pagpapabakuna sa COVID-19)
- Ang eksaktong petsa at oras ng iyong appointment
- Ang uri ng appointment sa pangangalagang pangkalusugan (hal., dialysis, OB, pangangalaga sa ngipin, pagpapabakuna sa COVID-19, atbp.)

Mga madalas itanong

Ano ang hindi emergency na medikal na transportasyon?

Isa itong serbisyong makakatulong sa pagpunta at pagbalik mo sa iyong mga appointment sa pangangalagang pangkalusugan. Kabilang sa mga pinakakaraniwang uri ng tulong sa transportasyon ang pampublikong bus, taxi, wheelchair van, mga voucher para sa gas, at pagsasauli ng bayad para sa distansiyang nasakop. Hindi kabilang sa serbisyong ito ang stretcher, ambulansya, o siguradong ligtas na transportasyon.

Magagamit ko ba ang hindi emergency na medikal na transportasyon para sa mga appointment sa pagpapabakuna sa COVID-19?

Oo, sagot namin ang transportasyon papunta at pabalik saanmang lugar ng pagpapabakuna tulad ng mga botika, klinika para sa maramihang pagpapabakuna, at drive-thru na klinika. Mangyaring tumawag sa broker ng transportasyon sa iyong county. Ihahanda nila ang biyaheng natutugunan ang mga pangangailangan mo sa pagkilos.

Sino ang maaaring gumamit ng hindi emergency na medikal na transportasyon?

Kwalipikado ang mga kliyente ng Apple Health (Medicaid) na nangangailangan ng tulong sa transportasyon para sa serbisyong ito.

Sino ang tatawagan ko para sa hindi emergency na transportasyon?

Tumawag sa broker ng transportasyong nagbibigay serbisyo sa iyong county. Susuriin nila kung kwalipikado ka at itutugma ang iyong mga biyahe. Kung hindi ka kwalipikado para sa serbisyong ito, iuugnay ka nila sa iba pang mga lokal na mapagkukunan.

Kailan ako dapat tumawag para humiling ng transportasyon?

Dapat kang tumawag sa lalong madaling panahon, nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang iyong medikal na appointment. Posible ang mga lubos na kailangang biyahe nang may mas mababa pa sa dalawang araw ng negosyong abiso kung mayroong mga mapagkukunan.

Mga broker na maaaring tawagan

Pangalan ng broker	Mga pinagsisilbihang county	Numero ng telepono
Hopelink	King, Snohomish	1-800-923-7433
Northwest Regional Council	Island, San Juan, Skagit, Whatcom	1-800-860-6812
Paratransit Services	Clallam, Grays Harbor, Jefferson, Kitsap, Lewis, Mason, Pacific, Pierce, Thurston	1-800-846-5438
Human Services Council	Clark, Cowlitz, Klickitat, Skamania, Wahkiakum	1-800-752-9422 (option 2)
People for People	Benton, Chelan, Columbia, Douglas, Franklin, Kittitas, Okanogan, Walla Walla, Yakima	1-800-233-1624
Special Mobility Services	Adams, Asotin, Ferry, Garfield, Grant, Lincoln, Pend Oreille, Spokane, Stevens, Whitman	1-800-892-4817

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring pumunta sa website ng Non-emergency Medical Transportation (NEMT, hindi emergency na medikal na transportasyon) sa hca.wa.gov/transportation-help.



820-NonDOH May 2021 Tagalog

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

